San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

(619) 725-5506

Carl A. Cohn
Superintendent of Schools

Mayo 2007

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga:

Napakahirap paniwalaan! Ang Klase ng 2020 ay nagpapatala na sa ating mga paaralan nitong tagsibol. Ang mga magulang ng mga papasok ng kindergarten ay nagpapatala na ng kanilang masisigla at nakalulugod na mga limang taong gulang na papasok sa ating mga paaralan nitong taglagas. Kagaya ninyo, itong mga magulang ay may mataas na pangarap at inaasam para sa kanilang mga anak. Kagaya ninyo, ipinagkakatiwala nila ang mga minamahal ng kanilang mag-anak sa ating paaralan upang hubugin, turuan, at ihanda para sa kolehiyo, hanapbuhay, magandang kinabukasan at nakahihigit na kabuhayan. Alam nilang ang magandang pinag-aralan ay mahalaga sa katuparan ng pangarap ng bawat tao, hindi lamang isang maaaring maganap ngunit totoong magaganap para sa kanilang anak.

Ang matatalinong mga magulang at guro ay ginagawang makabuluhan ang bawat araw. Mula kindergarten hanggang mataas na paaralan, napakabilis ng 2,340 araw na paglipas – mula sa pagtali ng sintas ng mga bagong sapatos sa unang araw ng pagpasok tungo sa pagkabit ng tali sa gora sa pagtatapos. Sa mga pangyayari sa pagitan ng panahong 13 taong, ang ating paglalakbay sa pag-aaral ay nagkakamit ng napakaraming gantimpalang karanasan at napakabubuting pagkakataong matuto at lumago. Inaasahan kong kayo ay gumagawa ng inyong makakaya, dumadalo sa mga pangyayari at pagtatanghal sa paaralan, nagiging masigla sa pakikitungo sa pag-aaral ng inyong mag-aaral.

Ang ating mga guro at kawani sa paaralan ay nagsisikap nitong taon upang matupad ang mataas na inaasam. Ibig naming tulungan ang bawat bata hindi lamang ganap na humusay ang mga talino, kundi makinabang din mula sa araw-araw na pagtuturo na may mabuting kaganapan.

Sa ating pagkilos patungo sa napakahalagang pagsulong sa Hunyo, ang inyong tulong at pagbibigay lakas-loob ay pinasasalamatan. Ang inyong tiyak na suporta sa bahay ay magbibigay ng malaking tulong sa paaralan. Ngayon ang panahon para sa mga mag-aaral na maging maingat sa pagbibigay ng pagpapahalaga sa klase, paghahanda sa pagsusulit, tamang pagtulog, pagbawas sa TV, panahon sa internet at larong video, at ang pagsubaybay sa mga takdang-aralin. Itong mga makabuluhang pagsisikap ay magbubunga ng mataas na kaganapan, mabuting mga marka, at isang pansariling katuparan.

Hinihikayat ko kayong gumawa ng katiyakang ang inyong mag-aaral ay sasamantalahin ang mga pagkakataong iniaalok sa ating mga paaralan araw-araw. Makilahok. Makisangkot. Pag-aralan ang lahat ng magagawa. Ibig naming ang bawat isang aming pinaglilingkuran ay pakikitunguhang parang sila ay napakahalagang kasapi ng ating sariling pamilya. Maraming salamat sa pagbibigay lakas-loob sa inyong anak na magsikap upang gawin ang kaniyang pinakamahusay nitong abalang katapusan ng tagsibol. Ito ang daan patungo sa paggawa ng napakahalagang kakaibang pakikipagsapalarang tinatawag nating paaralan.

Buong katapatan,

Carl A. Cohn
Tagapamahala ng mga Paaralan